

The Proposal

1

“Elena,” tawag ng isang lalaki.

Hindi pinansin ni Elena Santos ang pagtawag na iyon sa kanya. Itinuloy lang niya ang pagbebenta ng mga kakanin sa matandang babae na kaharap niya. Lumapit tuloy sa kanya si Ruben, ang kaibigan ng kanyang ng kapatid.

“Elena!” ulit nito.

“Ruben, tumahimik ka nga,” galit na utos niya. “Ano ba’ng kailangan mo?”

“Sumama ka sa akin.”

“Maraming bumibili,” tanggi niya.

Hinawakan siya ng binata sa kamay at hinila siya patayo sa puwesto niya sa sidewalk.

“Si Carlitos, inaatake ng sakit niya. Isinugod ng kuya mo sa hospital.”

Natigilan si Elena sa narinig kaya halos kaladkarin siya ni Ruben para lang kumilos. Ilang metro pa lang ang kanilang layo nang bigla siyang tumigil. Tumakbo siya pabalik sa tindahan sabay sigaw ng, “Ang mga

paninda ko!”

“Uunahin mo pa ba iyan?” reklamo ni Ruben bagaman nakasugod kaagad ito sa kanya.

“Kailangan namin ng pera,” inis na sagot niya. “At isa pa, maraming magnanakaw.”

Napakamot ang lalaki ng ulo. Tinulungan nitong magligpit ng paninda ang dalaga. “Halika na. bilisan mo!” mando nito.

“Andiyan na. Mauna ka na lang.”

Tumalima ito.

Humabol si Elena habang karga-karga ang kahon ng mga sari-saring paninda. Hindi niya napansin ang papahintong sasakyan sa harap ng isang building na dadaanan niya. Bumukas ang pinto ng kotse at lumabas ang isang lalaking naka-Amerikana. Dahil sa mabilis na pagtakbo, hindi kaagad nakatigil si Elena. Tuluyan siyang nabangga sa lalaki.

Tumilapon ang karga niyang kahon at nagkalat ang kanyang mga paninda. Pati siya ay natumba sa paanan ng estranghero. Pero imbis na tulungan nito, dinaanan lang siya na parang walang nangyari. Hindi man lang ito humingi ng paumanhin.

Nakita ni Elena ang nagkalat niyang mga

paninda. Nanlaki ang kanyang mga mata nang hindi man lang iwasan ng lalaki ang mga iyon. Tila sadyang tinapakan pa nito ang mga nakasupot na chicharon at mani. Nagkadurog-durog ang mga iyon. Mabuti na lang at nakaligtas ang kanyang mga kakanin at hindi nadumihan.

Nagsalubong ang mga kilay ng dalaga. Tiningnan niya nang masama ang lalaki. “Walang modo!” bulalas niya.

Natigilan si Cedric Arellano sa narinig. Bigla niyang nilingon ang babaeng bumangga sa kanya. Nakaluhod pa rin ito, namumulot ng mga paninda. Natatakpan ng mahaba at medyo kulot na buhok ng tindera ang mukha nito. Binalikan niya ang dalaga at tumayo sa harapan nito.

Nabigla si Cedric sa inasal ng estranghera. Nagsalubong ang makakapal niyang kilay. Lumuhod siya at hinarap ang babae. Tiningnan siya nito nang derecho. Biglang nagbago ang expression ng lalaki. Kumalma ang kanyang mukha at saglit na nawala sa isip niya ang gustong sabihin.

“Tumabi ka, puwede ba!” naiinis na ulit nito.

Hindi siya kumilos bagkus ay pinagmasdan ang mukha ng kaharap. *Para siyang maliit na manyika,*

pansin niya. Maliit ang mukha ng babae, malalaki ang mga mata, makipot ang mga labi at katamtaman ang tangos ng ilong. Maganda ang pagkakaarko ng maninipis nitong kilay. Hindi napigilan ni Cedric ang mapangiti sa nakasimangot pero cute na mukha ng dalaga.

“Bingi ka ba? O hindi nakakaintindi ng Tagalog?” tanong nito. *Mestizo*, napansin ng dalaga.

“Ayusin mo ang kalat mo,” sagot ni Cedric sa supladong tono. “At sa susunod, tingnan mo ang dinadaan mo.”

“Bakit? Sa iyo ba ang daanang ito?” reklamo ng babae. “Ikaw ba ang may-ari ng building? Anak ka ba ng presidente?”

Tumawa siya nang kaunti saka hambog na sumagot. “Oo. Ako ang may-ari ng building. Hindi ako anak ng presidente. Senador lang ang nanay ko,” pagtatama niya. “Kaya umalis ka na bago kita ipakaladkad sa guard.”

Biglang may humila sa balikat niya. Nang lumingon siya para sinuhin iyon, isang malakas na suntok sa mukha ang sumalubong sa kanya. Pansamantalang nagdilim ang paningin ni Cedric. Ang tanging nakikita niya ay anino ng isang lalaking

mas maliit kaysa sa kanya.

“Ruben!” sigaw ng dalaga, sabay lapit dito para pigilan ito na muling sumugod.

“Hindi por que mayaman ka, puwede ka nang mambastos ng babae!” galit na sabi nito sa binatang ngayon ay nakabawi na.

Susuntukin pa sana siya ng tinawag na ‘Ruben’ pero nanlaban na si Cedric. Sinuntok niya sa tiyan ang lalaki. Napabaluktot ito sa sakit. Noon pumagitna ang dalaga. Iniharang nito ang sarili para sa kaibigan.

“Tama na!” utos nito sa kanya.

Natigilan si Cedric. Pinagmasdan lang niya uli ang dalaga. Galit at matalim naman ang titig ng lalaki sa kanya. Ilang segundo pa at dumating na ang mga guards ng building. Nakilala siya kaagad ng mga ito.

“Halika na, Elena,” bulong ni Ruben.

Kinuha ni Elena ang kahon na naglalaman ng mga naisalbang paninda. Kinuha ng dalaga ang kamay ni Ruben at magkahawak-kamay silang lumakad palayo.

Samantala, hindi maialis ni Cedric sa kanyang mga mata sa magkahawak na kamay ng dalawa. Hindi niya maiintindihan pero nais tumindi ang kanyang galit sa nakita. Lalo na nang magkalapit ang

mukha ng dalawa habang pinapahiran ni Elena ang bibig ni Ruben.

Napakaganda ng mukha ng babae, naisip niya habang alalang-alala si Elena sa kaibigan.

“Sandali!” tawag ng isang guard sa dalawa.

Huminto ang mga ito at lumingon. Bumaling ang guard kay Cedric. “Sir, gusto n’yo po bang...”

Panginoon, ipakukulong kami! Tarantang naisip ni Elena.

Napansin ni Cedric na namutla sa takot ang maputing mukha ng dalaga. Ngumiti siya nang kaunti bago sumagot. “Huwag na.”

Nakita niyang napabuntong-hininga ang babae na parang nabunutan ng tinik habang sinusuri siya ng tingin.

Hmm, may kabaitan naman pala ang gagong ’to, bulong ni Elena sa sarili. Tumalikod sila ni Ruben.

Saka nagbitaw ng salita si Cedric sa guard, sadyang nagpaparinig. “Wala akong oras sa mga hampas-lupa.”

Tumigil sa paglalakad si Elena. Nilingon nitong muli ang lalaki.

Tinitigan lalo ni Cedric ang dalaga. Ngumiti siya na parang nagmamalaki at nang-iinsulto. Hinila na ni Ruben ang kasama para umalis pero hindi ito natinag. Nanatili itong galit na nakatitig sa kanya. Lumapad ang kanyang pagkakangiti.

“Demonyo!” sigaw nito, sabay bato ng isang supot na chicharon sa mukha ng guwapong binata.

Nagulat ang dalawang guards. Pati si Ruben ay nabigla sa ginawa ng kaibigan. Kaagad nitong hinila ang dalaga at mabilis silang tumakbo palayo sa building.

Pinagmasdan lang ni Cedric ang dalawa habang tumatakbo.

Demonyo, ulit niya sa kanyang sarili. Hindi lang pala mukha ang maganda sa kanya, bulong niya sa sarili. Maganda rin pati boses. Hampas-lupa nga lang.

Itinulak ni Ruben si Elena palapit sa kama ng maysakit na si Carlitos. Nagulat si Allan, ang panganay na kapatid niya at matalik na kaibigan ni Ruben.

“Ano ba!” sita niya sa lalaki.

“Allan, pagsabihan mo nga iyang kapatid mo,”

The Proposal - Sophia Conlu

pakiusap ni Ruben na may halong galit. “Muntik na kaming makulong dahil sa kanya. Beinte na pero parang doce años pa rin.”

“Teka nga! Ikaw ang unang sumuntok sa kanya!” depensa ng dalaga.

Pumagitna si Allan sa dalawa. “Ano ba’ng nangyari?”

Ikinuwento ni Ruben sa lalaki ang engkuwentro habang nakasimangot siyang nakikinig. Tiningnan siya ng kapatid pagkatapos. Napayuko lang ang dalaga.

“Dito ka lang,” utos ni Allan, sabay batok sa kanya. “Maghahanap ako ng ipambibili ng gamot.”

“Kuya, meron akong benta.” Iniabot niya ang halos puro barya niyang pera.

Nilingon ni Allan ang kapatid nilang may sakit. “Ibili mo na lang ng pagkain n’yo ni Carlitos. Aalis na ako. Magpakabait ka.”

Umupo siya sa tabi ng natutulog nilang bunso. Tahimik niya itong pinagmasdan. Malimit itong hinihimatay at dumaraing na masakit ang ulo. Hindi matiyak sa kanila ng mga doktor kung bakit kailangan nitong manatili sa hospital. Paano kung higit pa sa

simpleng pagkahilo ang karamdaman nito? Palagi itong maputla at madalas dumudugo ang ilong nito. Malaki na rin ang ipinayat ng bata.

Kailangan kong tulungan si Kuya.

Tumayo si Elena at isa-isang binitbit ang mga paninda.

“Ano’ng ginagawa mo?” pagtataka ni Ruben.

“Ibebenta ko ang mga ito,” sagot niya. “Dito ka muna puwede?”

Hindi pa man ito nakakatutol, mabilis na siyang nakaalis.

Nakatunganga sa binate ng kanyang condominium si Cedric, hawak ang baso ng brandy sa isang kamay.

Demonyo! naalala niya saka napangiti.

“Maganda ang boses niya,” bulong niya sa sarili, wala sa loob na napangiti ulit. “Napakaganda niya.”

Simula nang magkabanggaan sila ng dalaga, hindi na nawala sa kanyang isipan ang mukha nito. Kanina, buong araw siyang hindi napakali. Gusto niya muling masilayan ang magandang mukha nito. At habang tumatagal, lalong tumindi ang pananabik

niya sa magandang babaeng iyon.

Napatawa nang kaunti si Cedric. Tiningnan niya ang baso at kinausap. “What am I thinking?” tanong niya sa baso. “Ako si Cedric Arellano. Cedric Arellano. Hindi ako mai-in love sa isang hampas-lupa! Sa isang maliit, suplada at...”

Natigilan siya. Siya nga si Cedric Arellano, ang big catch, ang *Prince Charming* at ang ideal man ng maraming sosyalerang babae. Guwapo, binata, matipuno, matalino, at mayaman. Sa batang edad ay may-ari na siya ng hotel chains na nakakalat sa Pilipinas at Asya. Bakit siya mai-in love sa isang tintera? Siya ang hinahabol. Siya ang inaasam. Bakit niya iisipin ang kontrabidang babae na hindi niya kilala bukod sa pangalan nito?

Pero kahit anong pangungumbinsi sa sarili, alam niyang sa unang pagkakataon, totoong tumibok ang kanyang puso. Marahil, umiibig na nga ito. Hindi sa isang sosyalerang babae kundi sa isang tinderang minsan niya lang nakita.

Nilagok ni Cedric ang laman ng baso. Mahihiga na sana siya sa kama nang masulyapan ang grupo ng mga street vendors na nagbebenta ng chicharon at mani.

The Proposal - Sophia Conlu

Napaisip siya. Isang munting ngiti ang sumilay sa kanyang mga labi.

Kinuha niya ang susi ng kanyang kotse at mabilis na bumaba sa garahe ng building. Alam niya na ngayon kung saan niya muling makikita ang dalagang itinitibok ng kanyang puso.

Nakaupo sa isang sulok si Elena. Tatlong oras na siyang walang benta. Marami pang chicharon ang hindi nabibili. At kahit maibenta niya ang lahat ng iyon, hindi pa rin siya kikita. Malaki pa rin ang talo niya dahil sa mga napahamak na paninda.

Nakakainis talaga siya! Hindi man lang binayaran!

“Magkano lahat iyan?” tanong ng isang tinig.

Parang sa kuneho na nagtayuan ang mga tainga ni Elena sa narinig. “Lahat?” masayang tanong niya. “Lahat?”

Nang tingnan niya ang bumibili, nawala ang kasiyahan sa kanyang mukha. Inis ang pumalit sa doon. Siya ang tumapak sa mga paninda ko!

Nagtaas siya ng kilay. “Bakit? Naubusan ka na ng matatak-tapakan?”

“Hindi,” nakatinging sagot nito.

Ang kanyang ngiti... natangay ang isip ng dalaga, sandali niyang nakalimutan ang ipinagngingitngit. Ang guwapo ng lalaking 'to, aniya sa sarili.

Napatitig siya sa mukha ng binata na para bang nakakita ng artista.

“Elena!” pukaw ng isang tintera. “Bebentahan mo ba iyan o hindi?”

“Sandali... pini-pick up ka ba niyan?” sabat ng isa pang tintera. “Aba, mama, hindi pokpok iyang bunso namin.”

Hindi siya sumagot. Sa halip, kaagad siyang tumalikod at umalis. Pero patuloy siyang sinundan ng lalaki. “Puwede bang tantanan mo ako?” inis na sigaw niya.

“Gusto kong bumili,” rason ng binata.

“Ah, gusto mong bumili?” Tumigil siya sa paglakad at bumaling dito. Inihampas niya sa mukha nito ang kanyang mga paninda. “Sa iyo na. Libre!”

Namula ito sa kahihyan at nagsalubog ulit ang mga kilay. Hinila nito palapit ang dalaga bago buong-timping sinabi na, “May araw ka rin sa akin.”

2

Nakatayo sa labas ng isang building si Allan na parang may hinihintay. Marami nang upos ng sigarilyo ang nagkalat sa kanyang paanan. Itinapon niya ang kasalukuyang hinihithit bago mabilis na tumawid sa kabilang building. Tatlong araw na siyang naghahanap ng trabaho para ipambili ng gamot ng kanyang kapatid, pero palagi siyang minamalas. Kahit mauutangan ay wala. Walang-wala na siya ngayon. Barya na lang ang natitira sa kanya. Kahit sa aspirin ay hindi iyon kakasya. Napakamahal pa naman ng mga gamot ni Carlitos.

Dahan-dahan siyang naglakad-lakad malapit sa guardhouse. Nang makakita ng tiyempo, bigla siyang pumuslit sa underground parking lot ng condominium. Kaagad siyang nagtago at dahan-dahang gumapang patungo sa isang magarang kotse. Siniyasat muna niya ang alarm niyon, pinag-aralan kung paano mabubuksan saka unti-unting kinalikot ang susian ng bintana.

Palabas ng elevator sa parking lot si Cedric. Kumunot ang noon g binata nang mapansing

nakabukas ang kanyang kotse. Mabilis ang mga hakbang na tinungo niya iyon. May nagnanakaw sa loob ng kotse. Hinatak niya palabas ang lalaki.

Natumba si Allan dahil sa paghagis ni Cedric. Tatayo pa sana ito pero sinalubong niya ito ng tadyak. Tuluyang nalugmok sa sahig ang mukha ng magnanakaw.

Uminit ang ulo ni Allan. Wala itong magawa sa kalaban. Lubhang marunong sa labanan ang huli. Lihim nitong binunot ang balisong sa bulsa. Nang lumapit si Cedric para umatake, hindi ito nagdalawang-isip pa na saksakin ang lalaki sa tiyan. Nang hindi kaagad bumigay ang binata at makuha pa ring makasuntok, paulit-ulit na saksak ang ginawa nito hanggang sa matumba ang lalaki.

Pagtumba ni Cedric, doon na natauhan si Allan. Itinapon nito ang patalim at mabilis na tumakbo. Nakita ng isang security guard ang duguang si Cedric.

“Tigil!” sigaw ng guard.

Hindi tumigil si Allan. Nagpapatok ang security guard ng warning shot. Huminto ang salarin. Lumapit dito ang guard at kaagad itong pinosasan. Nang lingunin ni Allan ang duguang katawan ng biktima, bigla itong nanginig sa takot. Hindi iyon pangamba

sa posibilidad na makulong sa ginawa kundi takot na nakapatay ito ng isang inosenteng tao.

“Ano’ng nangyari? Ano’ng ginawa mo?” usisa ni Elena.

Nakatayo siya sa labas ng selda habang kausap ang kapatid. Tahimik lang si Allan. Pinipilit nitong pigilin ang luha dahil sa takot. Pulang-pula na ang dalaga sa kapipilit sa kapatid para magpaliwanag.

“Elena, hintayin na lang natin si Attorney,” payo ni Ruben. “Hindi puwedeng magsalita si Allan habang wala siyang abogado.”

“Bumalik ka sa hospital,” utos ng kapatid, nagkukunwaring kalmado. “Bantayan mo si Carlitos. Kaya ko ang gusot na ito.”

“Hindi ako aalis rito!” giit ng dalaga.

“Bumalik ka sa hospital,” sigaw ni Allan.

Sasagot pa sana si Elena pero pinigilan siya ni Ruben. Tiningnan niya sa mga mata si Allan. Hindi ito makatitig sa kanya nang derecho. Tiningnan niya ang mga kamay nito. Nanginginig ang mga daliri nito sa takot. Hindi rin ito mapakali, palakad-lakad ito sa loob ng selda.

“Eto na si Attorney Giad,” ani Ruben.

Lumapit ang isang maliit na abogado sa selda, kasama ng isang pulis.

“Attorney, ano’ng kasalanan ng kuya? Bakit siya...”

“Napatay ko ba siya?” singit ni Allan.

Nanlaki ang mga mata ni Elena sa tanong nito. Hindi siya makapaniwala. “Nakapatay ka?” tanong niya na sinisikap lamang na magpakahinahon.

“Elena, hayaan na muna natin sina Allan at Attorney na makapag-usap,” suhestiyon ni Ruben. “Bumalik na lang tayo sa ospital.”

“Ayoko!” sagot niya. “Gusto kong malaman kung ano’ng nangyari.”

Nagkatinginan ang dalawang lalaki. Tumango si Allan. “Sige, para malaman mo ang totoo.”

Inihatid sila ng pulis sa tanggapan ng mga bisita ng bilanggo. Habang nakasunod sa abogado ng kapatid, panay ang pisil ni Elena sa sariling kamay. Napansin iyon ni Ruben. Hinawakan nito ang kamay niya. Napatingin siya rito at ngumiti ang binata. Sinikap niyang ngumiti pabalik.

The Proposal - Sophia Conlu

Parang matalik na kaibigan na rin niya si Ruben. Quince años siya nang naulila sila sa mga magulang dahil sa isang sunog. Napadpad sila sa kalye. Diez y nueve na noon si Ruben, kasing-edad ni Allan. Inalok sila nito ng matutulugan sa lumang bahay na minana nito sa mga magulang. Pare-pareho na silang ulila, walang nagbabantay at walang bumubuhay sa kanila. Sina Ruben at Allan ang tumayong magulang nila ni Carlitos. Ang dalawang binata ang naghahanap ng pera habang nag-aaral si Elena. Simula noon, para na silang pamilya. Siya, si Allan, si Ruben at si Carlitos.

Para mabuhay, naging trabaho nina Allan at Ruben ang pang-uumit. Umaakyat sila sa bahay-bahay para magnakaw ng mga alahas. Minsang nahuli ang mga ito, pinatawad na lamang ng may-ari dahil sa awa. Simula noon, pagiging kargador sa pier at palengke ang naging gawain ng dalawa.

Gustong makatapos ni Elena sa pag-aaral, pero wala silang perang panggastos. Nabiyayaan siya ng scholarship sa isang publikong kolehiyo, pero hindi niya iyon napakinabangan. Ilang linggo lang siyang nakapasok sa kolehiyo. Mahal ang pamasaha at mga gamit, dinagdagan pa ng pagkakasakit ni Carlitos. Kaya mas pinili niyang magtinda sa kalye. Nakakatulong na siya sa kapatid, nasusubaybayan pa niya si Carlitos. Malapit lamang ang inuuwian nila

The Proposal - Sophia Conlu

sa sidewalk kung saan siya pumupuwesto. Sampung taon ang agwat sa bunso nila.

Halos tatlong taon na siyang nagtitinda, sa kalye na siya nagdalaga. Sumuko na siya sa pangarap na makaahon. Suko na siya sa lahat kahit na sa pangarap niya na may isang prinsipeng darating at babaguhin ang kanyang buhay gaya ni *Cinderella*. Alam niya na sa kalye na siya tatanda at malamang, si Ruben ang mapapangasawa niya.

Unti-unting nagmulat ng mga mata ni Cedric. Umikot ang kanyang tingin sa kuwarto. Mapuputing pader lang kanyang nakita.

“Tawagin mo ang doctor,” narinig niyang utos ng isang babae.

“Nasaan ako?” mahina niyang tanong.

“Huwag ka munang magsasalita,” payo ng tinig.

Tiningnan ni Cedric ang mukha ng nasa kanyang tabi. Kahit malabo ang tingin, alam niyang iyon ang kanyang ina. Ngingiti sana siya pero biglang kumirot ang kanyang tiyan. Doon niya naalala ang nangyari at kung ilang beses siyang pinagsasaksak ng isang magnanakaw.

“Nahuli na ba...” Hindi niya natapos ang sinasabi dahil lalong kumirot ang kanyang sugat.

“Napakatigas talaga ng ulo mo,” sumbat ng mommy niya. “Huwag ka munang magsasalita. Magpahinga ka.”

Inabot ni Cedric ang kamay nito. Dama niya ang pag-aalala ng ina. Tinangka niyang pisilin ang kamay na hawak pero dahil pumwersa, kumirot nang husto ang kanyang tiyan. Namilipit siya sa sakit. Lalong nag-alala ang kanyang ina.

Hindi ako titigil hanggang hindi nabubulok sa kulungan ang walanghiyang magnanakaw na iyon, galit na sumpa ng babae sa sarili.

Nagdilim ang kanyang paningin. Ang huli niyang naalala ay ang mga sigaw ng kanyang ina habang pumipikit ang mga mata niya. At sa kanyang pag-idlip, mukha ni Elena ang una niyang napanaginipan.

Nagtaka ang kanyang ina nang nakitang nakangiti ang binata habang nawawalan ng malay.

“Attorney, hindi ako puwedeng makulong,” pagmamakaawa ni Allan.

Yumuko habang naiiling ang matanda at pandak

na abogado. Mahirap di-umano ang kaso ni Allan. Bukod sa muntik na nitong napatay si Cedric, napagkamalan pa itong carnapper. Ang mabigat, bigatin din ang biktima nito—anak ng isang senador. Bukod pa roon, ayaw makipag-areglo ng pamilya. At kahit pumayag pa ang mga ito, wala namang perang maibabayad si Allan.

“Ano’ng mangyayari kay Allan ngayon, Attorney?” ani Ruben.

“Kung aaminin niya ang kanyang kasalanan,” nabuntong-hininga ang abogado, “makukulong siya ng maraming taon.”

“Ha?” sabay-sabay na reaksiyon ng tatlo.

Ibinunggo ni Allan ang ulo nito sa mesa, napahagulgol na. Naiyak na rin si Elena habang pinagmamasdan ang kapatid. Kung mayroon lang sana siyang magagawa. Kung sana naging mayaman sila o naging totoo man lang ang prinsipeng pangarap niya.

“Matigas si Senador. Kaisa-isang anak niya kasi ang biktima. Kung puwede lang sanang mapakiusapan si Cedric Arellano mismo,” bulong ng abogado.

Nabuhayan ng loob si Elena. Magaling siyang umarte. Kaya niyang magmakaawa. Sa inosente at

The Proposal - Sophia Conlu

mala-anghel na mukha ng babae, hindi siya natitiis ng mga taong kanyang pinakikiusapan. Maaari niyang tulungan si Allan!

Kaagad siyang nagprisinta. “Ako. Magmamakaawa ako sa kanila. Attorney, dalhin n’yo ako sa kanila.”

“Pero, Elena, baka kung ano ang gawin nila sa ’yo,” pigil ni Ruben.

“Wala akong pakialam,” sagot niya. “Sige na po, Attorney. Dalhin n’yo ako sa kanila.”

Tumango ang abogado.

Nilingon ni Elena si Allan. “Huwag kang mag-alala, Kuya. Gagawin ko ang lahat kahit magpapaalipin sa kanila, makalaya ka lang.”

Kahit tutol sa balak ng kapatid, napilitan na ring tumango sina Allan at Ruben. Muling bumalik ang sigla sa mga ngiti ni Elena habang naiisip kung paano siya magmamakaawa sa biktima.

Guwapo kaya siya? Sana kamukha siya ng nakakainis na lalaking iyon.

Nakaupo sa kama si Cedric habang nanonood ng telebisyon. Naiinip pa siya sa kuwarto niya sa hospital.

Gustung-gusto na niyang makalabas para harapin ang taong sumaksak sa kanya. Pero mahigpit ang kanyang ina. Hindi siya iniwan ng mga bodyguards kaya hindi siya makatakas. Bumukas ang pintuan, may pumasok na isang lalaki at lumapit sa kanya.

“Ano’ng balita?” tanong ng binata.

“Ang pangalan ng lalaki ay Allan Santos,” sagot nito. “Ayon sa mga kapitbahay nila, may dalawa siyang kapatid—isang babae at isang lalaki. Ang batang lalaki raw, may sakit. Kaya siguro siya nagnakaw.”

Naawa nang kaunti si Cedric sa natuklasan. Pinatay niya ang telebisyon.

Biktima lang siya ng sitwasyon. Biktima ng kahirapan, pangungumbinsi niya sa sarili.

Matapos makapag-isip, kumunot ang kanyang noo. Bumalik ang galit sa kanyang mukha.

“Tuloy ang kaso,” utos niya. “Wala akong pakialam sa mga kapatid niya.”

“Pero...”

“Muntik na niyang ninakaw ang buhay ko,” galit na sabi ni Cedric. Muntik nang hindi matupad ang mga pangarap niya.

The Proposal - Sophia Conlu

*Hindi ko pa nga nakikita uli ang babaeng iyon.
Muntik na niyang nakawin ang kaligayahan ko.*

Humiga na siya. “Iwan mo muna ako.”

Tinungo ng lalaki ang pintuan. Pero bago ito nakalabas, biglang bumangon at nagtanong si Cedric. “Sandali. Ang kapatid niyang babae, maganda ba?”

Napatawa ang bodyguard. “Ayon sa sabi-sabi. Bakit, Sir? Gusto mong tikman?”

“Huwag na,” hambog na sagot niya. “Baka matetano pa ako. Isa pa, meron na akong natitipuhan.”

“Pero mas masarap paglaruan ang walang kalaban-laban,” dugtong ng bodyguard.

Bakit nga kaya hindi?

“Come in,” naiinis niyang tugon nang may kumatok sa pinto.

Dahan-dahang bumukas iyon. Hindi pinansin ni Cedric ang pumasok sa pag-aakalang nurse iyon. Ipinagpatuloy niya ang panonood.

Maganda nga kaya? tanong niya sa sarili, naaalala ang sinabi ng bodyguard.

“Ikaw?” gulat na bulalas ng pumasok.

Tiningnan ni Cedric ang dumating. Nanlaki ang kanyang mga mata. Napatalon ang kanyang puso. Nakatayo sa pintuan si Elena. Kahit hindi ito masyadong nakaayos at parang basahan ang damit, nauna pa rin niyang napansin ang kaakit-akit na mukha nito.

Maganda, aniya sa sarili. Tiningnan niya si Elena mula ulo hanggang paa. Patangu-tango niyang naibulong na: *Maganda. Ito ang talagang maganda.*

Napangitngit sa inis si Elena. “Talaga bang pinadala ka para buwisitin ako?”

“Ano?” tumatawang sagot ni Cedric. “Ikaw ang pumunta rito. Ano ba’ng kailangan mo?” Umikot siya ng puwesto sa kama para makaharap ito.

“Kuya talaga!” padabog na sabi ng dalaga sa sarili. “Ang mokong pa na ito ang dinisgrasya mo!”

Kuya? Napaisip ang binata. *Kung ganoon, siya ang kapatid na...*

Blangko niyang tinitigan ang dalaga. Bigla niyang naalala ang ginawa ng kapatid nito sa kanya. Nawala ang kasiyahan niyang makita ang babaeng gusto niya.

The Proposal - Sophia Conlu

“Kung narito ka para makiusap, sinasayang mo lang ang oras mo.”

Napalunok ng laway si Elena sa binanggit ng lalaki. Napugnaw ang tapang nito nang nakitang magkabangga ang mga kilay ng binata. Nagmistula itong estatwa sa kinatatayuan. Nawala ang plano nitong umarte, umiyak, at magmakaawa.

Ano’ng gagawin ko? tanong nito sa sarili.

“Ano pa’ng ginagawa mo rito?” untag niya.

“Ah ano... kasi,” pautal na umpisa nito.

“Umalis ka na,” utos ni Cedric. “Baka matetano pa ako sa duming dala mo.”

Nahulog ang panga nito sa pang-iinsulto niya. Bumalik ang inis nito sa binata. Lumapit ito sa kanyang kama.

“Napakasama mo! Oo, pumunta ako rito para makiusap. Pero sa ugali mo, hah! Mas ma...”

“Mabuti pang makulong ang kuya mo?” aniya bago nito naituloy ang sasabihin.

“Ha?”

“Alam mo ba kung ilang taon makukulong ang kuya mo?”

Hindi ito makasagot.

Nang-uuyam ang ngiti niya bago nagpatuloy.
“Twenty long years.”

Kalahati ng sarili ni Elena ay natakot sa sagot na ibinigay ni Cedric. Ang isang kalahati naman ay tumatangging maniwala. Dalawampung taon? Ganoon katagal?

Si Carlitos ay may sakit at kailangang operahan kaagad ayon sa doktor. Hindi kakayanin ng dalaga na alagaan at suportahan itong mag-isa. Hindi rin nito papayagang makulong si Allan kung puwede rin lang.

Unti-unting nahulog ang luha sa mga pisngi ng babae.

Awa ang nadama ni Cedric nang makita ang pag-iyak ng dalaga. Lumakad siya nang dahan-dahan palapit sa sofa. Umupo siya habang tinitii ang sakit. Pinilit niyang ngumiti. “Okay, I’ll give you another chance. Makiusap ka. Convince me.”

“Ha?” sagot naman ni Elena.

“Word of the day. ‘Ha?’” inis na puna niya. “Kung iaatras ko ang kaso, ano ang magiging kapalit?”

May malungkot na ngiting namuo sa labi ng babae.
“Gagawin ko lahat ng gusto n’yo. Magpapakaalila ako

sa bahay n'yo. Kahit walang suweldo. Lahat gagawin ko. Lahat ng gusto mo, ng nanay mo, o kahit ng aso n'yo.”

“Lahat?” tanong niya habang nakataas ang isang kilay.

“Lahat,” malakas na ulit nito.

“Kahit sumiping sa akin?” sunod na tanong ni Cedric.

Halatang nabigla ito parang nalunok nito ang sariling dila.

Napatawa ang lalaki. Naalala niya ang tanong ng kanyang bodyguard kung gusto niyang tikman ang kapatid ng sumaksak sa kanya. Tiningnan niya si Elena.

Hindi. Ayoko siyang tikman. Gusto ko siyang mahal.

Lumuwang ang kanyang pagkakangiti. “Sasagot ka ba?”

“Wala kang kuwentang kausap!” galit na tugon nito bago tumalikod at tinungo ang pintuan.

Bumalik sa pagkainis ang mukha ng binata. Nagbago agad iyon nang sundan niya ng tanaw si

Elena. Pinagmasdan niyang mabuti ang hubog ng katawan nito. Halos gusto na niyang hubaran sa tingin ang dalaga.

“Miss, ano’ng pangalan mo?” tanong niya habang nakadikit ang mga mata sa bandang balakang nito.

Alam niya kung bakit pa siya nagtatanong kahit batid na niya ang sagot. Gusto lang niyang bigyan ng rason ang dalaga para mas magtagal pa roon.

Patuloy lang ito sa paghakbang.

“Tinatanong kita!” dumadagundong na asik niya.

Parang nasemento na dumikit ang mga paa ni Elena sa sahig. Niyakap ng takot ang buo nitong katawan.

“Tumingin ka sa akin,” mahinang utos ng binata.

Maingat itong bumaling, pilit na iniawasan ang mga mata niya. Hinihintay nito na muli siyang magsalita. Pero nanatili lang siyang nakamasid dito. Kaagad na tumalikod ang dalaga at binuksan ang pinto.

“Isang buwan,” sabi niya. “Ang kapalit, dalawampung taong kalayaan ng kapatid mo.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?” tanong nito na

tumangging lumingon pa.

“Sa isang buong buwan, sasama ka sa akin. Lahat ng iutos kong gawin mo, gagawin mo.”

“Kahit...”

“Kahit ang sumiping sa akin,” patuloy niya. “Lahat ng sa iyo magiging akin—katawan mo, pagkababae mo.”

Matagal itong nanatiling nakatayo sa harap ng pinto. Hindi ito sumagot. Lumabas ito at malakas na isinara ang pintuan.

Katawan mo. Pagkababae mo, ulit ni Cedric sa sarili. Kahit hindi sabihin, gusto rin niyang maangkin ang pag-ibig ng dalaga.

3

Paikut-ikot na naglalakad si Elena sa palibot ng kama ni Carlitos sa hospital. Sinusundan siya ng mga mata nina Carlitos at Ruben. Ilang minuto na kasi siyang palakad-lakad habang kinakagat-kagat ang mga kuko niya sa kamay. Ilang araw nang nakakulong si Allan. Ilang araw na rin ang nakaraan mula nang huli niyang nakita si Cedric. Araw-araw niyang pinag-iisipan ang alok nito—isang buwan kapalit ang kalayaan ni Allan. Pero kapalit din ang kanyang dangal.

“Elena, maupo ka nga!” pakiusap ni Ruben. “Nahihilo na kami sa iyo.”

“Bakit? Sinabi ko bang sundan n’yo ako ng tingin?”

“Kasi, Ate, may gusto sa iyo si Kuya Ruben,” panunukso ni Carlitos.

Napabaling siya sa binata. Pareho silang nagkahiyaan at nag-iwasan ng tingin. Ipinagpatuloy niya ang paglalakad at itinuloy nito ang pagmamasid sa kanya. Tumigil siyang bigla at lumingon dito. Kaagad nitong iniwas ang mga mata.

“Ruben, puwede bang ikaw muna ang magbantay

kay Carlitos?”

“Bakit?” balik nito.

Napakamot siya sa ulo. “Huwag na lang.”

“Sabihin mo na,” pamimilit ng kaibigan.

Huminga siya nang malalim saka nagpaliwanag. “Kasi nakiusap ako doon sa nasaksak ni Kuya.”

“Oo nga pala. Hindi mo pa nasasabi sa akin ang tungkol doon.”

“Pumayag silang maging katulong ako sa bahay nila,” pagsisinungaling niya. “Pero walang suweldo. Kapalit noon iaatras nila ang kaso pagkatapos ng isang buwan. Isang taon pala.”

Tiningnan niya ang natutulog nang si Carlitos, pagkatapos si Ruben.

“Ako na ang bahala kay Carlitos,” alok ng binata, “kung iyon ang ipinag-aalala mo.”

“Salamat,” mahinang sagot niya.

“Pero kailangan mo munang kausapin si Allan,” paalala nito.

“Pupuntahan ko na siya. Ikaw na muna ang bahala rito.”

The Proposal - Sophia Conlu

Tumango ang kaibigan. Hinalikan niya ito bago tuluyang umalis. Nabigla si Ruben at parang napasos sa silyang inuupuan.

Nakatayo sa harapan ng condominium building si Elena—sa mismong lugar kung saan sila unang nagkita ni Cedric.

Galing na siya sa hospital. Wala na roon si Cedric. Nakalabas na raw. Nagbabaka-sakali siya na sa condominium na ito umuuwi ang binata.

Tiningala niya ang building. Nagdadalawang-isip siya kung itutuloy ang pagpasok at pagharap sa lalaki. Hindi pa rin buo ang loob niya kung papayag siya sa alok nito.

Hindi niya namalayan na may pumaradang kotse sa likuran niya.

“*Kahit sumiping sa akin?*” naalala niyang tanong ni Cedric.

Napabuntong-hininga ang dalaga. Itinaas niya lalo ang kanyang ulo.

“Isang buwan lang,” pangungumbinsi niya sa sarili. “Kaya ko iyon.”

Naglakad siya nang dalawang hakbang patungo sa entrance ng building. Bigla siyang tumigil at napaisip.

Paano kung araw-arawin siya ng lalaking iyon? Tiningnan niya ang reflection sa salamin na pinto. Inalagaan niya nang mabuti ang sarili. Nagtrabaho siya nang disente para hindi mapariwara ang kanyang buhay. Inilalaan niya ang sarili sa lalaking mamahalin. Pagkatapos ay heto, sisirain niya lang dahil sa buwisit na lalaking iyon.

Bigla siyang napatakbo palayo sa building. Pero isang lalaki ang nabangga niya bago pa man siya nakalayo. Matutumba sana siya kung hindi siya sinalo nito. Una niyang napansin ang magagandang mata nito na ngayon ay nakatitig sa kanya. Tumalon sa hindi maipaliwanag na dahilan ang kanyang puso. Bumilis ang pagtibok niyon. Ang mahigpit na hawak ng mga kamay ng lalaki sa kanyang baywang ay tila nagbigay ng nakakakuryenteng sensasyon sa kanyang katawan. Tumatayo ang mga balahibo niya sa nginig pero nag-iinit ang mga kamay niyang hinahawakan ng lalaki.

“Oh, my God, Cedric! You’re bleeding!” sigaw ng isang babae.

Sabay silang napatingin ni Cedric sa sugat nito.

May dugo na nagmantsa sa puting polo ng binata.

Bigla siyang itinulak ng babae palayo sa lalaki. “Babalik tayo sa hospital,” maarteng utos nito sa driver.

Tahimik lamang ang binata; ang mga mata nito ay patuloy pa ring nakatitig sa kanya. At hindi niya maiwasang tugunin iyon. Gusto niya itong awayin pero hindi niya makuhang magsalita. Hindi pa rin kasi humuhupa ang mabilis na kabog ng kanyang dibdib. Nauumid pa rin ang dila niya. Tumalikod na lamang siya at nagpasyang umalis. Bigla siyang hinatak pabalik ng dalagang kasama ni Cedric.

“Saan ka pupunta?” tanong nito. “Hindi ka man lang ba mag-a-apologize sa boyfriend ko?”

Boyfriend? Tiningnan niya si Cedric, tingin na parang nagseselos. *Gago pala 'to. May girlfriend na, gusto pang maka-score sa akin.*

Nakasimangot niyang sinagot ang babae. “Bakit? Siya naman itong hahara-hara sa daan.”

“Hindi mo ba alam...”

“Alam ko! Siya ang may-ari ng building,” mataray niyang sagot, sabay irap sa binata.

“I don't believe this,” naiinis na maktol ng babae.

“Cedric, can you—”

“Stop it, Lara,” utos ng binata.

Galit na nilingon niya si Cedric bago binalingan ang babaeng kasama nito. “Excuse me, wala akong panahon sa mga hampas-lupa.” Binantayan niya ang reaksiyon ng mga kaharap. Nanlaki ang mga mata ng babae.

Natigilan nang kaunti si Cedric. May namuong ngiti sa mga labi nito. *Kung gayon ay naaalala pa niya ang una naming pagkikita...*

Nainsulto si Elena sa ngiti ng binata. Pinagtatawanan siya nito. Mabilis niyang tinalikuran ang dalawa.

“Elena!” tawag ni Cedric.

Huminto siya sa paglakad bagaman hindi lumingon. May kaunting kasiyahan ang dumaan sa kanyang puso nang marinig ang paghabol ng binata. Paano nito nalaman ang pangalan niya? May pagtatakang bumaling siya rito.

“How about my proposal? I mean, sa inaa—”

“Nakakaintindi ako ng English. Hindi ako boba katulad ng kasama mo,” naiinis na balik ng dalaga sa mababang tono.

The Proposal - Sophia Conlu

Napahalakhak si Cedric. Pati tuloy si Elena ay natawa na rin.

“What is so funny?” ani Lara. Hindi sumagot ang binata at inulit ng nobya nito ang tanong sa mas malakas na boses.

“Nothing,” maikling sagot ni Cedric habang nakangiti kay Elena.

Tinugon niya ang ngiti nito. Tila biglang tumahimik ang paligid. Sa isang iglap ay nasa harap na niya ito, nakikipagtitigan. Akala ni Elena, sa kuwento lang nangyayari na tila humihinto ang mundo para sa dalawang tao. Gustuhin man niyang tumalikod at umalis, parang napako ang kanyang mga paa sa lupa.

Lumapit na rin si Lara at galit na itinulak si Cedric dahil sa selos.

“Ano ’to, Cedric? Bago mong flavor of the month?”

Sabay silang napatingin dito pero hindi nagkomento si Cedric.

Padabog na bumalik si Lara sa kotse. Tumigil ito sandali para hintayin ang binata. “Damn you, Cedric!” galit nitong sigaw nang matiyak na hindi lalayo ang binata kay Elena. Pinandilatan siya nito bago padarag

na sumakay sa kotse.

“Hindi mo ba susundan ang girlfriend mo?” tanong ni Elena.

“Hindi,” prangkang sagot ni Cedric. “Ikaw ang gusto kong sundan at isa pa, hindi ko siya girlfriend. Akala niya lang iyon.”

Naroon ang ngiti sa kanyang mga mata bago iyon napalitan ng pag-aalala nang makitang lumalaki ang mantsa ng dugo sa polo ng binata. “Alam mo, ipagamot mo na iyang sugat mo. Baka maubusan ka pa ng dugo.”

Tiningnan ni Cedric ang sugat nito. Noon siya tumalikod para umalis pero mabilis siyang napigilan ng binata. Mahigpit nitong nahagip ang kanyang kanang kamay. Katulad ng unang paghawak nito, para na naman siyang nakuryente. Parang may blower na pumasok sa kanyang bibig at natuyuan siya ng laway.

“Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko,” paalala nito.

Hindi siya makapag-isip, tuliro ang kanyang utak kung bakit ganoon ang nararamdaman niya. Hindi siya makasagot dahil wala siyang marinig kundi ang malakas na pagtibok ng kanyang puso. At dahil

nalulunod siya sa mga mata ng binata.

“Sandali. Kaya ka ba nandito dahil...”

Umiling na siya bago pa nito matapos ang sasabihin.

“Kung ganoon...”

“Kailangan ko nang umalis,” aniya na parang nabuhusan ng malamig na tubig.

Nagpumiglas siya nang lalo pang higgitan ni Cedric ang kamay nito sa kanyang pupulsuhan. “Hihintayin kita dito bukas nang alas doce.”

“Bitawan mo ako,” pakiusap ni Elena. “Kailangan ko nang umalis.”

“Pag dumating ka bukas, ibig sabihin sasama ka na. Pumapayag ka na.”

“Pakawalan mo nga ako sabi!” sigaw niya. Buong lakas niyang hinila ang kanyang kamay mula rito. “Hindi ako pupunta bukas. Hindi ako papayag sa gusto mo.”

“Papayag ka,” giit ng lalaki.

“Hindi.”

“Papayag ka,” ulit nito. “Dahil kung hindi ka

darating nang alas doce dito, sisiguruhin kong hindi na makakalaya ang kuya mong mamamatay-tao.”

Sinampal niya ito. Nabigla ang babae sa nagawa subalit mas nagulat siya sa sunod na kilos ng binata. Hinila siya ng lalaki palapit sa katawan nito. Sa sobrang lapit, halos mahahalikan na siya nito. Damang-dama niya ang init ng paghinga nito, pati na ang tindi ng sensasyong nakabalot sa kanila. Gusto niyang lumayo pero hindi niya magawa. Kahit anong pilit niyang iwas, napapatingin pa rin siya sa mga labi nito. Minsan pa niyang naisip na sana ay halikan siya ng binata. Lalong lumakas ang kabog ng kanyang dibdib.

“Alas doce, bukas,” maikling pagdedetalye nito. “Sa penthouse.”

Sukat doon ay binitawan siya nito. Hindi niya makuhang igalaw ang kanyang mga paa. Nang natauhan na siya, dahan-dahan siyang napaatras palayo sa binata. Pagkatalikod niya, muli siyang hinila nito at ngayon, wala nang pagkakataon para umiwas. Hinahalikan ni Cedric ang kanyang mga labi!

Mainit ang halik na iyon. Nanigas ang buong katawan ni Elena. Bago sa kanyang pakiramdam ngunit may kakaibang sarap ang paglapat ng mga labi nito.

The Proposal - Sophia Conlu

Iyon ang kanyang unang halik. Alam niya na dapat magalit siya. Hindi iyon ang unang halik na gusto niya. Ang gusto niya ay magmula iyon sa lalaking mahal niya, sa romantikong lugar at romantikong pagkakataon.

Ang hindi niya maunawaan, imbis na iwasan niya ang mga halik ni Cedric, gumaganti pa siya. Sa bawat pagdadampi ng kanilang mga labi, kasiyahan ang nadarama niya. Kahit may bumubulong sa kanya na hayaan ang binata na halikan siya. At sa bawat haplos ng kamay nito sa kanyang pisngi, lalong tumindi ang init na nadarama niya. Lalong lumalakas ang puwersa na nagpapanatili sa kanyang mga labi sa labi ng binata.

Mali ito! Mali, pamimilit niya sa sarili. Itinulak niya ito saka mabilis na kumilos para makalayo.

Sinundan lang ni Cedric ng tanaw si Elena habang masayang nakangiti. Kung tutuusin, iyon din ang unang halik niya. Dahil iyon lang halik na nagustuhan niya at sa babae na talagang gusto niya.

Sumagi sa isip niya ang ginawa nitong pagtugon. Nadama niya ang init ng damdamin ng dalaga. Nagustuhan din nito ang halik niya. Higit sa lahat, alam niyang gusto siya ni Elena.

At bukas, darating ito.

Nakaupo sa harapan ni Allan si Elena pero hindi siya nakikinig sa pag-uusap nito at ng abogado. Nakatanaw siya sa malayo at iniisip ang binatang humalik sa kanya. Naalala niya ang masuyo nitong paghawak, ang nakakakilig nitong ngiti at ang halik nito na napakatamis at napakainit.

Hinawakan niya ang kanyang mga labi. Napakalambot ng mga labi niya. Hindi niya napigilan ang mapangiti.

“Elena, sinasapian ka ba?” biro ni Allan.

“Ha?” parang nawawala sa sarili na sagot niya.

“Pangiti-ngiti ka d’yang mag-isa,” sabi nito. “Ano ba’ng iniisip mo?”

Namula siya sa hiya.

Napangiti si Allan, ipinagkamali ang dahilan ng paglalayag ng kanyang utak. “Nabanggit ni Ruben may sasabihin ka raw sa akin. Ano ba iyon?”

“Papasok akong katulong kina...” Nilingon niya muna ang abogado. “Ano nga po ba iyong pangalan ng lalaki?”

“Cedric,” sagot ng matanda.

Tama, iyon nga ang pangalan niya. Nagsimula uling lumipad ang isip niya. Nagtaka ang mga kaharap sa kanyang muling pananahimik. Hinaplos ni Allan ang mukha niya.

“Bakit?” naitanong niya sa kapatid.

“Papasok kang katulong ’tapos...” paalala ni Allan.

“Ah, ang gusto nila ako ang mag-aalaga sa... kay...” Nagkunwari siyang nakalimutan ang pangalan ng binata.

“Kay Cedric?” patuloy ng abogado. “Aba, hija, kilalang babaero ang anak ni Senator Arellano. Baka mabuntis ka niya.”

Nabalot ng pag-alala ang mukha ng magkapatid. Lalong nadagdagan ang alinlangan ni Elena sa binabalak. Naunahan niya ang gagawing pagtutol ni Allan. Bale-wala siyang nagbiro.

“Di mas maganda. Iuurong niya ang kaso kasi magiging tiyo ng anak niya si Kuya.”

Napatawa nang malakas ang abogado pero hindi si Allan. Nagdududang tinitigan siya nito.

“Biro lang, Kuya. Hindi uubra ang gagong iyon sa akin.”

“Hindi ako naniniwalang iuurong niya ang kaso dahil lang magiging katulong nila,” sabi ng kapatid.

“Tama ang kuya mo,” sang-ayon ng abogado. “Napakababaw na dahilan iyon.”

Napakamot si Elena sa ulo. Paano ba niya ipapaliwanag ang kasunduan nila ni Cedric? Huminga siya nang malalim.

“Di subukan lang natin. Malay mo, sira ang ulo n’un at pumayag.”

“Alam mo, Allan, mas mabuti na rin iyon na nandoon ang kapatid mo.” Napatingin ang magkapatid sa abogado. “At least, alam natin kung ano ang balak niya. Maagapan natin kung sakali.”

Tumangu-tango ang kanyang kapatid. “Kung gayon, sige... pumapayag na ako,” bantulot nitong sabi.

Lumabas ang totoong ngiti ni Elena.

“*Kahit ang sumiping sa akin?*” naalala niyang tanong ni Cedric.

Nabura ang ngiti ng dalaga. Totohanin kaya

The Proposal - Sophia Conlu

niya? Muli niyang naisip ang matinding halik ni Cedric. Ang kanyang pag-aalala ay nahaluan ng kaunting kasiyahan.

Babymaker

1

“Ano? Gusto mong bigyan kita ng anak?” gulat na reaksiyon ni Melinda Juarez sa proposal ng boss niyang si Jose Antonio Cuervo.

Kagagaling lang nila sa isang business dinner sa isang kilalang restaurant sa Makati. Nalito siya nang umagang iyon nang sabihin nitong huwag na siyang magdala ng sasakyan at ito na lang ang maghahatid sa kanya pauwi. Hindi nito dating ginagawa iyon.

At ngayon ngang nasa condo unit na niya sila at saka sinabi ng lalaki ang nakakagulat na proposal nito.

“A son, Melinda. Anak na lalaki,” nakangiting singit ng kanyang amo.

“And in exchange for giving you a child—a son, I am sorry,” pagku-correct niya sa sarili, “you will give me thirty percent in your company?” paglilinaw niya sa proposisyon ng kausap.

“Of course. I have my feet firmly on the ground, Melinda. I don’t expect anything for nothing.”

“Nasisiraan ka na ba ng bait?”

Kumilos ang lalaki sa pagkakaupo sa sofa at kinuha ang kanyang kamay. “Melinda, please hear me out. These past few months ay nakakaramdam ako ng kakaibang restlessness. Last night, I realized dahil iyon sa kalagayan ng buhay ko.”

“Bakit? Ano pa ba ang kulang sa buhay mo?” kunot-noong tanong ng dalaga. “Your fastfood business is doing very well. When I started as your secretary seven years ago ay iisa pa lang ang branch mo, pero ngayon ay mayroon na all over the Philippines at may ilan pa sa ibang bansa. You have several properties under your name. You can buy anything you want, have any woman you want.”

“Yes. But last night, na-realize kong bale-wala ang lahat kung wala akong mga anak na magmamana ng mga pinaghirapan ko.”

“So, get married then have kids.”

Umikot ang mga mata nito pataas. “You know my views about marriage and commitment. Ang dami-daming nagpapakasal dahil akala nila, mahal nila ang isa’t isa, nag-aanak, then after a few years ay naghihiwalay, hurting each other and the kids in the process,” dugtong pa ni Tony. “I should know, dahil biktima rin ako ng broken family. So naisip ko, why get married at all?” kibit-balikat na paliwanag nito.

“So you decided you want to have a child but not a wife,” sarcastic ding sabi ni Melinda.

“Well, yes. I’m just being practical,” pagtatanggol nito sa proposal.

“At bakit naman ako ang napili mong maging ina ng much-coveted na anak mo?”

“Well, unang-una, dahil alam kong ikaw lang ang makakaintindi sa akin. You are my best friend, Melinda, at kung may isang taong nakakakilala sa akin nang lubos ay ikaw ’yon. Isa pa, praktikal kang tao. On top of that, you are intelligent and very loving. Mga katangian na gusto kong mamana ng magiging mga anak natin.”

“Mga anak?” gulat na reaksyon niya.

“Well, of course, I am a very rich man, Melinda. I can afford to have many children,” painosenteng sagot ng lalaki.

“Ang lakas din naman ng loob mo,” naiiling niyang komento. “Ano’ng akala mo sa akin, palahiag baboy?” She was indignant. “At kung sakaling mag-agree ako sa plano mo, hanggang isang anak ka lang sa akin,” mainit niyang pahayag.

“Okay, okay,” pag-pacify nito. “We will discuss

the other kids later, very much later. Let's concentrate on my first son."

"Daughter," kontra ng dalaga. "Bakit hindi ka doon lumapit sa mga girlfriends mo? I am sure marami sa kanila ang magkakandarapa na bigyan ka ng anak."

"I don't trust those women," mabilis nitong sagot. "Paano kung kapag magkaanak na kami ay kung anu-ano na ang i-demand nila sa akin? Okay lang kung materyal na bagay at pera dahil madali kong maibibigay 'yon. But what if they demand more from what I'm emotionally willing to give at gamitin pa ang anak ko to get what they want? Mako-complicate lang ang buhay ko."

"At sa tingin mo, hindi ko gagawin 'yon sa 'yo?"

"Kilala kita, Melinda, you don't use and abuse people."

"But are you in love with me?" naiinis nang tanong niya.

"Hindi," mabilis na sagot ni Tony.

Parang may kumurot sa puso ng babae nang marinig iyon. "There you have it. In my book, people have children because they love each other at hindi

dahil gusto lang nilang magkaroon ng tagapagmana ng mga pinaghirapan nila.”

“Melinda, please naman, napaka-outdated na niyang paniniwala mo,” protesta ng kausap.

“I think you’d better quit while you are still ahead,” payo niya. “Umalis ka na bago ako tuluyang magalit sa ’yo. Kakalimutan ko ang pag-uusap nating ito, then tomorrow we could go back to being friends again,” suhestyon niya sa malumanay na boses.

“Melinda, naman,” pakiusap nito. “Ano ba’ng masama na gusto kong ikaw ang maging ina ng mga anak ko? At least with me, makakasiguro ka na hindi ka maghihirap at ang anak natin,” pangungumbinsi ni Tony.

“Okay, sige, sabihin natin na pumayag nga ako sa nakakabaliw na proposisyon mo,” she said in an exasperated voice. “I become pregnant with your child, at pagkatapos, ano? Ibibigay ko na lang ang bata sa ’yo at kakalimutan ko na lang siya na parang walang nagbago sa buhay ko?”

“Siyempre, hindi,” mabilis na tanggi nito. “Gusto kong maging part ka rin ng buhay ng anak natin. We will share custody.”

“Paano? Palipat-lipat ng bahay ang anak natin

na parang bola,” banggit niya. “Do you know what that would do to a child?”

“Kukuha ako ng magkatabing lote sa isang subdivision at magpapatayo ng magkahiwalay na bahay para sa ating dalawa. That way, kahit palipat-lipat ng bahay ang mga anak natin, hindi naman gaanong malayo.”

Napakamot si Melinda. “Sira na yata talaga ang ulo mo,” naiiling niyang komento. “Okay, sabihin ulit natin na pumayag ako, sa paggawa ng bata, kailangang magtabi tayo sa kama,” medyo napapahiya pa niyang banggit. “Maaaring minsan, pero maaari rin namang maraming beses.”

“Don’t worry about the sex part,” mabilis na singit ng binata. “Sigurado akong hindi tayo magkakaproblema sa bagay na ’yan. You are one pretty lady, at hindi magiging mahirap para sa akin na makipag-sex sa ’yo. Put down that ashtray,” ani Tony nang makita ang kanyang mahigpit na pagkakahawak sa ashtray na akma na niyang ipupukol dito dahil sa mga pinagsasabi nito.

Ipinikit ni Melinda ang mga mata, nag-isip ng paraan para ma-turn off ang kausap.

My God, kung alam lang niya! I would gladly bear

his child—children—kung mahal lang niya ako. Should I grab this opportunity para makuha ang pagmamahal niya? Pero paano kung sa huli ay hindi pa rin niya ako mahalin? Makakaya ko bang mabuhay na malapit sa kanya, but not truly having him in my life? But to have his child! No! Hindi puwede! Hindi!

“Ayokong maging bastardo ang anak ko,” sabi ni Melinda sa wakas sa pantay na tono.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

Dumilat siya at tinitigan ito nang derecho sa mata. “Simple lang. Hindi ko pinangarap na magkaroon ng bastardong anak, so kailangang kasal tayo sa siyam na buwan na dinadala ko ang anak mo sa sinapupunan ko. Gusto ko rin na ligawan mo ako. I might know you as a friend, but not as a lover. So I want you to court me first,” mariin niyang sabi.

“At kailangan din na naroon ka sa oras na manganak ako; and no other women in your life habang buntis ako. After I give birth to your child, then you can do whatever you want with your life. Those are my conditions. Take it or leave it,” seryoso niyang sabi.

“Tbig mong sabihin, papayag ka lang na gumawa ng baby kasama ko basta kasal tayo habang buntis ka,

gusto mo rin ligawan kita, at after na maipanganak mo ang anak natin, papayag ka sa divorce o annulment?” paglililaw ni Tony, titig na titig sa kanya.

“You got the order of events all wrong. Liligawan mo muna ako before I even think of going to bed with you. Then, if I find that I want you in a more physical way, then, we will get married, and then, we make the baby. We will stay married hanggang sa maipanganak ko ang anak natin. After I give birth to our child, we go our separate ways,” mahaba niyang paliwanag.

“Courtship first, then we get married, then we make the baby, the baby is born, then we get separated,” pag-summarize nito.

“Okay, malinaw. Ano? Payag ka sa mga kondisyon ko?” nakangiti niyang tanong.

Nanliit ang mga mata ni Tony, nagsususpetsa. “Bakit biglang nagbago ang isip mo? Kanina, ayaw na ayaw mo sa ideya, ngayon payag ka na, subject to some conditions. Bakit?”

Umandar muli ang kanyang utak, nag-iisip ng dahilan. “Well, ang totoo gusto ko na ring magka-anak, at since wala rin akong balak mag-asawa, okay na rin sa akin ang proposal mo. Subject to some

conditions, of course,” habol ng dalaga.

“Wala ka ring balak mag-asawa? Bakit?” kunot-noong tanong nito.

“Dahil ang lalaking mahal ko ay wala rin balak mag-asawa.”

“You are in love with someone?” gulat na tanong ni Tony. “Sino siya? Kilala ko ba?”

“Hindi na importante ’yon,” iwas niya. “At bakit gulat na gulat ka na in love ako sa isang lalaki?”

Nagkibit-balikat ang kausap. “Kasi hindi mo pa siya nabanggit sa akin. Akala ko, alam ko na ang lahat ng sekreto mo,” may hinampong sabi nito. “Bakit hindi ka p’wedeng pakasalan ng lalaking mahal mo? May-asawa na ba siya?”

“Wala pa. But he is like you. Hindi siya naniniwala sa kasal at sa commitment, so there is no future for us. At since wala naman akong balak na magpakasal sa lalaking hindi ko mahal, I have decided not to marry at all,” mahaba niyang paliwanag. “And if I don’t marry, hindi ako magkakaroon ng anak dahil ayaw ko namang magdala ng bastardo dito sa mundo. But with your proposal ay magkakaroon ako ng anak, lehitimong anak, dahil kasal tayo habang buntis ako,” pagtatapos ni Melinda.

“Sandali, naguguluhan ako,” kunot-noo nitong saad. “Sabi mo kanina, ayaw mo ring mag-asawa, ngayon ginagawa mong kondisyon ’yon para pumayag ka sa proposisyon ko. Ano ba ang totoo?”

“Simple lang naman, Tony. Willing akong bigyan ka ng anak dahil gusto ko na ring magkaanak. Pero dahil ayaw kong maging bastardo ang anak ko, kailangan kasal tayo. At papayag akong magpakasal sa ’yo dahil I trust you.

“Isa pa, it’s not as if we’ll be staying married for long. Pagkapanganak ko ay ipapa-annul din natin ang kasal, so we both end up getting what we want,” paliwanag niya. “Ikaw, anak. Ako naman, lehitimong anak. At pareho nating makakamit ang kalayaan afterwards. So what do you think?”

Napakunot-noo si Tony. He could not understand why the thought of Melinda in love with another man bothered him so much. Ipinilig niya ang ulo para pagliwanagin ang utak, nag-iisip kung ganoon na nga ba siya kadesperado na magkaanak para pumayag sa kondisyon ni Melinda.

When the word ‘marriage’ finally penetrated his mind, he felt his suspicions and old fears rising inside

him. *Hindi!* Hindi pa siya ganoon kadesperadong magkaanak.

Tinitigan ni Tony si Melinda, saka umiling, “I accept all your conditions, except one. We are not getting married,” mariin niyang giit.

Nagkibit-balikat ang kaharap, ipinapakita na hindi ito apektado sa kanyang sagot kahit pa nakakaramdam ito ng magkahalong relief at disappointment nang mga sandaling iyon.

“Well, I’m sorry, but I guess you’ll have to find another woman to help you with your plans,” she said in an unemotional voice.

“Hindi na ba talaga magbabago ang isip mo, Melinda?” tanong niya sa himig na nakikiusap. Umiling lamang ito bilang sagot. Huminga siya nang malalim at saka tumayo. “Well, I guess that’s it. I will see you tomorrow at the office.”

2

Nang makaalis si Tony, tulalang napaupo si Melinda sa sofa. Hanggang ngayon ay di pa rin siya makapaniwala sa nangyari sa nakalipas na oras.

She had known the man for the past seven years nang maging secretary siya sa nag-uumpisang kompanya nito. Sa unang dalawang taon ay tanging boss-employee lang ang relationship nila. Na unti-unting nauwi sa pagiging magkaibigan dahil sa dami ng mga pagsubok sa trabaho na dinaanan nilang dalawa.

Nang ikatlong taon, nang mag-umpisang lumaki ang kompanya ay itinaas ni Tony ang kanyang posisyon bilang executive assistant nito. Kung noon ay kailangan na nilang magtrabaho nang malapit sa isa't isa, mas tumindi pa nang ma-promote siya.

Kasama siya ng lalaki sa lahat ng biyahe nito sa loob at labas ng bansa. Madalas din silang magkasamang um-attend ng conferences at business functions.

At sa isang lakad nila sa ibang bansa nang apat na taon na siyang nagtatrabaho para rito, doon

natuklasan ni Melinda na mahal niya ang kanyang boss.

Siyempre, hindi niya iyon ipinahalata dahil alam niyang hindi nito susuklian ang kanyang nararamdaman. Hindi siya ang tipo ng babae na nakakarelasyon nito, na kadalasan ay tall, slim, model-types—mga babaeng mas nagko-concentrate sa career kaysa sa emotional commitments.

May hitsura naman si Melinda, hindi nga lang kasing-ganda ng mga naging girlfriends ng amo. She was only five feet two inches tall; masyadong maliit para sa six-foot frame ni Tony, at sa tipo nitong mga babae na five-six hanggang five-eight ang height.

Slim din ang kanyang katawan. She got curves and bulges at the right places, pero boobsy siya samantalang ang mga babaeng nakakarelasyon ng binata ay hindi gaano. Higit sa lahat, she was the marrying kind of woman, ang tipo na iniawasan ni Tony.

Natigil ang kanyang pag-iisip nang marinig ang doorbell. Tumayo siya at bahagyang binuksan ang pinto.

“Annalee, ikaw pala,” bati niya sa bisita. Nilakihan niya ang bukas ng pinto at pinapasok ito. “What are

you doing up so late?”

“Kararating ko lang galing sa shooting,” paliwanag nito matapos sumalampak sa sofa. Ito ang umookupa sa katabi niyang unit. Mas bata ito sa kanya at twenty-one, at dahil involved sa showbiz ay medyo kakaiba ang pananalita at pananaw nito sa buhay. “Sister, nakita kong may lumabas na guwapo dito sa unit mo. Sino siya?” maarteng tanong nito.

“Boss ko.”

“Iyon ang boss mo? Wow, sister, bilib din ako sa ’yo! Paano ka nakaka-concentrate sa trabaho with that gorgeous man parading in front of you?” excited na sabi ng kapitbahay. “Wait, don’t tell me there is something going on between the two of you,” nang-iintrigang dagdag pa nito.

“Wala, ’no!” mataray niyang tanggi.

“At ano ang ginagawa niya rito? Huwag mong sabihing nagtatrabaho kayo, eh, mag-a-alas-doce na ng hating-gabi!” pairap-irap nitong sabi.

Dahil naguguluhan, hindi na niya napigilan ang sarili at ikinuwento rito ang tungkol sa proposisyon ni Tony.

“And you say that you have been in love with

that gorgeous man for three years now?”

“Oo,” miserableng sagot ni Melinda.

“Eh, bakit tinanggihan mo ang alok niya?” balik nito, nanlalaki ang mga mata.

“Can’t you understand? Hindi niya ako mahal! Gusto lang niya akong gawing palahian.”

“Sister, hindi mo ba naisip na ito na ang pagkakataon mo para paibigin siya?” makahulugang suhestyon ni Annalee.

Naningkit ang kanyang mga mata, titig na titig dito. “Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Tanggapin mo ang alok niya, pero mag-set ka ng mga kondisyon.”

Napangiwi siya. “I already did that,” aniya, at saka ini-outline ang mga kondisyon na ibinigay niya kay Tony. “Pero kaya ko lang ginawa ’yon ay para ma-turn off siya sa kanyang proposal. And it worked, because when he heard the word ‘marriage’ eh, biglang nag-back out,” himutok ni Melinda.

“Eh, ginawa pala ang gusto mo. Bakit parang masama ang loob mo?” natatawa nang tanong ng kapitbahay.

Bumuntong-hininga siya. “Ewan ko nga, eh.”

“Aminin mo na, sister, na kaya masama ang loob mo ay dahil deep inside, gusto mong makasal at magkaanak nga kayo ng kumag mong boss.”

Napangiwi ang nakatatandang dalaga. “You’re so clever you make me sick,” masama ang loob na sabi niya. “Kaya lang, I already lost my chance. Tumanggi na siya sa mga kondisyon ko, eh,” matamlay niyang dugtong.

“Hay, sister, don’t give up. May solusyon din ’yang problema mo. Kailangan lang ’yan ng kaunting strategy,” anang kapitbahay habang patangu-tango na para bang nagugustuhan ang naiisip.

“Ano?” naiintrigang tanong ni Melinda.

“Akitin mo siya; tuksuhin mo, make him crawl on his knees hanggang sa mapapayag mo siya sa mga kondisyon mo,” madramang sabi ni Annalee.

“Paano kung sa huli, eh, hindi pa rin siya ma-in love sa akin? Di masasaktan lang ako kapag naghiwalay na kami?”

“Sister, it is better to love and lose than not to love at all,” maarte nitong bigkas. “Corny pero true. Kaysa naman sa magpakatandang dalaga ka, eh, di

i-enjoy mo na kung ano ang kaya niyang i-offer sa 'yo. At least, in the end, may anak ka sa kanya at higit sa lahat ay matitikman mo pa ang brand of loving niya," pilya pang dugtong ng kausap.

"Pero, pero..." kunot-noo niyang protesta, nasa-shock sa mga sinasabi nito.

"Anong pero-pero? Come on, sister, itaas mo ang bandera ng mga kababaihan!" sigaw ni Annalee, sabay tayo at taas ng kanang kamay.

"Okay, sabihin natin na gamitin ko nga 'yang strategy mo, paano ko naman siya aakitin, eh, hindi ako ang tipo niyang babae?" aniya, saka inilarawan ang tipo ng babae ni Tony.

"Hay naku, sister, napakainosente mo talaga!" naiiling na komento ng kapitbahay. "Alam mo, hindi naman siya magpo-propose sa 'yo ng ganyan kung wala siyang nararamdamang kahit kaunting pagnanasa sa 'yo.

"Alam mo ang mga lalaki, kailangan may nararamdaman ang mga 'yan bago sila makapag-perform sa kama. So, sigurado akong kahit kaunti ay mayroon 'yong pagnanasa sa 'yo.

"At sigurado ako, if you could just put your heart and mind to it, you could make him desire

you a whole lot more. Ang kailangan mo lang gawin ay baguhin mo ang image mo,” patuloy ni Annalee habang paikot-ikot sa kanya na minamataan siya.

“Baguhin ang image?” naalangang tanong ni Belinda. “Paano?”

“Una, itigil mo na ang pagsusuot ng business suits at magsuot ka ng mas sexy na outfits sa office. Pangalawa, gawin mong sultry and seductive ang makeup mo. ’Yang buhok mo, huwag mo nang ipusod, ilugay mo na ’yan,” payo nito na animo isang beauty expert, sabay tanggal sa buhok niya mula sa pagkakapusod.

“O, ’ayan, sister! Ang ganda-ganda pala ng buhok mo kapag nakalugay. Mahaba, makintab, at tuwid. ’Yan ang weakness ng mga lalaki,” ani Annalee habang ina-admire ang kanyang buhok.

“Eh, sagabal kasi sa trabaho kapag nakalugay,” pagdadahilan niya habang sinusuklay ng mga daliri ang buhok.

“Hay, sister! Kalimutan mo muna ang trabaho. For once, eh, mag-concentrate ka in getting your man,” naiiritang sabi ng kaharap bago nagpatuloy sa mga beauty tips nito. “Lastly, gumamit ka ng perfume na talagang tatama sa lahat ng sulok ng utak niya.

'Yong tipong kahit magkalayo kayo, eh, naaamoy pa rin niya.'

Nanlalaki ang mga mata ni Melinda sa makukulay na salita na ginagamit ni Annalee, pero nakakaramdam din siya ng pananabik.

Tama ito. *Bakit ko nga ba palalampasin ang pagkakataong ito?* aniya sa sarili, her eyes sparkling with excitement.

Nakita iyon ni Annalee. "You're going to do it, right?" excited ding sabi nito. Tumango si Melinda. "Good, let's go," the woman said in a brisk tone, sabay tayo.

"Saan?" nagtataka niyang tanong.

"Sa unit ko. May ilan akong damit na p'wede mong gamitin diyan sa plano mo. I'm sure na kakasya sa 'yo, kasi halos magkasing-katawan naman tayo. Mas malaki nga lang ang boobs mo at mas maliit ang baywang, but I am sure that they will fit you to a T," nakangiting sabi ng kapitbahay.

"Teka, baka naman sobrang sexy ng mga damit mo. Magmumukha naman akong out-of-place sa opisina," nag-aalangang sabi niya.

"Ano'ng akala mo sa akin, bold star?" mataray

na balik ni Melinda. “Ang mga damit ko ay subtly seductive at hindi vulgar, p’wede mong gamitin sa office na hindi ka maa-out-of-place. Lalung-lalo na ’yong isang red dress na sigurado akong swak na swak sa figure mo,” excited nitong dugtong.

“Kapag nakita ka ng boss mo sa dress na ’yan, I assure you, may malalaglag sa kanya. At hindi panyo niya ang ibig kong sabihin,” natatawang pagtatapos ng dalaga, sabay hila sa kanya papunta sa unit nito.

Kinabukasan ay isinuot nga ni Melinda ang isa sa mga ipinahiram ni Annalee. Totoo nga ang sinabi ng kaibigan, ang mga damit ay di bulgar pero sexy ang dating. Tulad ng suot niya ngayon.

Pula iyon na lampas-tuhod ang haba at mataas ang neckline, pero dahil gawa sa malambot na material ang tela at hapit ang estilo, halatang-halata ang magandang kurbada ng kanyang katawan. Maging ang malusog na dibdib niya ay hindi naitago ang hugis.

And to top it all off, sleeveless pa iyon kaya kita ang makikinis, mapuputi at graceful na mga braso at kamay niya.

Natigil ang pag-iisip ni Melinda nang bumukas

ang pinto sa kanyang office at pumasok ang may-edad nang sekretarya ni Tony na si Emma.

“Wow, Melinda! Ikaw ba ’yan?” nanlalaki ang mga matang tanong nito. “Ang ganda-ganda mo, hija!”

Inayus-ayos niya ang damit. “Okay lang ho ba ang suot ko? Hindi ho ba parang wala sa lugar?” naalangang tanong niya.

“Naku, hindi! Ayos lang ’yan. At saka kapag isinuot mo na ang blazer mo, formal na rin ang dating,” dugtong nito nang mamataan ang kanyang blazer na nasa sandalan ng swivel chair niya. “Hindi ko akalain na napakaganda pala ng katawan mo, Melinda.” Nakangiti ito habang paikut-ikot na minamasdan siya. “Ang tagal mo ring itinago ’yan, ha.”

“Hindi ko ho naman sadyang itinago. Nagkataon lang na ’yong nagtatahi ng business suits ko dati, eh, hindi masyadong imaginative,” pagdadahilan niya. “Maganda ho ba talaga ang figure ko?” paniniguro pa niya.

“Naku, oo, hija! At ang buhok mo, it looks so glorious pag nakalugay. In fact, you look so gorgeous. Naku, tingnan mo mamaya pagdating ni Tony. Kahit

ang tipo niyang mga babae, eh, 'yong mga patpatin niyang modelo, kapag nakita ka niya sa suot mong 'yan ay luluwa rin ang mga mata ng playboy na 'yon!"

Naalala niya ang comments ni Annalee nang nakaraang gabi. Nang isukat niya ang damit na iyon ay halos lumuwa ang mga mata nito sa naging resulta. *"Oh, my! Sa hitsura mong 'yan, kahit matandang duling na naghihingalo ay mabubuhay uli. It will surely knock your boss' eyes out!"* bulalas nito.

And it did! Halos lumuwa nga ang mga mata ni Tony nang makita siya sa damit na iyon. Nakita rin niya ang flash ng pagnanasa sa mga mata nito na mabilis din naman nitong naitago.

"May party ka bang pupuntahan?" bruskong tanong nito.

Naisip na ni Melinda ang isasagot sakali ngang magkomento ito tungkol sa damit niya. Last week lang ay tumawag ang kanyang mama mula sa Batangas upang ipaalam na nagbalik-bayan ang childhood friend niyang si Bobby at gusto sana siyang makita. Nag-migrate ito sa Amerika noong second year high school sila.

Ayaw sana niyang makipagkita pang muli rito dahil baka ligawan na naman siya nito gaya noong

bago ito mag-migrate. Pero kinulit siya ng ina na makipagkita sa lalaki kaya napilitan siyang ibigay ang numero niya sa opisina.

At noong isang araw nga ay nakatanggap siya ng tawag mula kay Bobby para alamin kung kailan sila maaaring magkita. He sounded so eager to see her, kaya kahit ayaw talaga ni Melinda ay napasubo na siya at nai-set nga ang pagkikitang iyon para sa lunch.

Kung noong araw na iyon ay naiirita siya for having been forced into a situation, ngayon ay laking pasasalamat niya na nai-set ang lunch na iyon.

“Ano?” ulit ni Tony sa naiinis na boses. “May pupuntahan ka bang party?”

“Wala,” matapang niyang sagot, nakatitig nang derecho sa mga mata ng amo. “Pero may lunch date ako mamaya with a friend.”

“With whom? Kilala ko ba siya?” Tila galit ang boses nito, nakakunot ang noo habang naglalakad palapit sa kanya.

“I don’t think so. He’s a childhood friend.”

“Yong lalaking ayaw kang pakasalan?” Panay ang hagod ng mga mata ng kaharap sa kabuuan niya.

“Hindi. Teka, bakit ba panay ang bato mo ng mga

personal questions?” naiirita niyang tanong.

Pero hindi siya sinagot ni Tony. “Paano mamaya? May pupuntahan tayong meeting this afternoon. Ayokong mag-isip ng kung anu-ano ang mga lalaking ka-meeting natin dahil sa attire mo.”

“May dala akong blazer. Kapag suot ko na ’yon, my dress would look just like an ordinary business suit.”

Hinawakan siya nito sa magkabilang braso, mahigpit. Mayamaya ay parang hindi na nito mapigilan ang sarili. Hinapulus-haplos ng binata ang braso niya, at nang magtama ang kanilang mga mata ay nakita niya roon ang desire para sa kanya.

Nanlaki ang mga mata ni Melinda.

Nakita iyon ni Tony. Parang bigla itong natauhan at mabilis na pinakawalan siya. “You have all the answers, don’t you?” galit na sabi nito bago siya tinalikuran para pumasok sa sariling opisina.

3

Bago mag-alas-doce ay dumating si Bobby, pero ibang Bobby na ito. Ang Bobby na nasa harapan niya ay malaki na ang katawan, maskulado, at matangkad; halos kasing-tangkad ni Tony.

At wala na ang mga taghiyawat nito!

“Bobby? Ikaw ba ’yan?” di-makapaniwalang tanong niya sa dating manliligaw na mukhang nerd noon. “Ang laki na ng ipinagbago mo!”

“Don’t I get a welcome kiss?” nakangiti nitong tanong.

Tumiyad siya at hahalikan sana ang binata sa pisngi, pero bigla siya nitong niyakap at naramdaman na lang niyang hinuli nito ang mga labi niya for one deeply satisfying kiss.

“Wow...” tanging nasabi ni Melinda nang pakawalan siya nito.

“Siya ba ang ka-date mo?” tanong ni Tony mula sa kanyang likuran. Matigas ang tinig nito.

Dahil sa gulat sa pagbabago ni Bobby, pati na rin sa halik nito ay di niya namalayan na bumukas

ang pinto ni Tony at lumabas na pala ito at si Emma mula sa opisina nito.

“Hi, I am Bobby de la Fuente, kababata ni Melinda,” pagpapakilala ng katabi matapos iabot ang kamay kay Tony. Na hindi tinanggap ng huli. “You must be Melinda’s boss,” patuloy nito matapos kibit-balikat na ipasok ang kamay sa bulsa ng pantalon. “Ah, Sir, I hope you don’t mind if I borrow Melinda for a few hours this afternoon. Kababalik ko lang kasi galing Amerika at gusto ko sana siyang makausap to catch up on things. After today kasi, mawawalan na ako ng panahon dahil may mga bagay akong kailangang asikasuhin. P’wede ho ba?” nakangiti pang pakiusap ni Bobby.

“Hindi puwede,” masungit at nakasimangot namang sagot ni Tony. “Marami kaming kailangang gawin ni Melinda. ’Tapos may meeting pa kaming pupuntahan.”

Sumingit si Emma. “Tony, payagan mo na si Melinda. Minsan nga lang ’yang magbulakbol. At saka, alas tres pa naman ang meeting ninyo. I’m sure, by that time ay nakabalik na si Melinda rito.”

Napangiti siya. Alam niyang hindi natatakot ang sekretarya na magagalit si Tony dahil parang anak na ang turing ng babae sa kanilang dalawa nito.

“Sige na, Melinda, umalis na kayo ng Bobby mo,” sabi pa nito na lalong nagpadilim sa mukha ng amo. “Huwag mo na munang alalahanin ang trabaho at ako na ang bahala rito sa opisina.”

Nilapitan niya ang sekretarya at hinalikan ito sa pisngi. “Thanks, Emma,” bulong niya bago nakangiting bumalik sa tabi ni Bobby. “See you later, Tony,” masayang pamamaalam niya rito.

Wala pa rin imik ang boss at halos hindi na maipinta ang mukha.

Pasado alas dos na nang makabalik si Melinda sa opisina. Pagpasok sa kanyang office ay nakahinga siya nang maluwag dahil parehong wala sina Emma at Tony.

Pero nagkamali siya. Sa oras na maisara niya ang pinto ay bumukas ang pinto ng opisina ni Tony at lumabas ito. Mukhang mainit pa rin ang ulo nito dahil nakasimangot pa rin at di maipinta ang mukha.

“Buti nama’t naisipan mo pang bumalik.”

“Of course. May meeting tayo, di ba?” malamig niyang sagot.

“Hindi na tuloy ang meeting.” Umiwas ito ng

tingin sa kanya. “Tumawag kanina ang secretary ni Mr. Cuevas para i-cancel ang meeting.”

There was something in his tone that told her that something was amiss. “Ano’ng oras silang tumawag?” nagdududa niyang tanong.

Nagtaas ang lalaki ng mukha at tinitigan siya. “Kanina pang umaga,” arogante nitong sagot.

“So, bakit hindi mo sinabi agad na hindi pala tuloy ang meeting? Di sana nag-half day na lang ako para nakasama ko pa nang matagal si Bobby,” nananadya niyang sumbat.

Lalong dumilim ang mukha ng kaharap at hinawakan siya sa magkabilang braso. “Narito ka para magtrabaho at hindi para makipaglandian sa mga kababata mo!” sigaw ni Tony habang niyuyugyog siya.

Bumukas ang pinto at pumasok si Emma, dala ang ilang dokumento. “Hey, what’s happening here?” nagtataka nitong tanong sa inabutan.

“Women,” singhal ng binata. Pabagsak na isinara nito ulit ang pinto ng opisina.

“Ano ba ang problema ng lalaking ’yon?” nagtatakang tanong ni Emma sa kanya.

Nagkibit-balikat lamang si Melinda, her expression innocent.

Bandang alas cuatro ay tumunog ang telepono. At dahil lumabas si Emma para magpa-photocopy ng ilang dokumento ay si Melinda ang sumagot niyon.

“Melinda, si Annalee ito,” excited na bati ng kaibigan. “Ano, effective ba ang strategy natin?”

“I am not sure yet,” sagot niya habang sinisigurong nakasara pa rin ang pinto ni Tony. “Well, I saw desire in his eyes, pero wala naman siyang ginawa.”

“Huh? Akala ko pa naman, he’d be so turned on by your sexiness that he’d sweep you off your feet, take you into his office, and make love to you on the office table,” madramang reklamo ng babae.

“Annalee!” shocked na reaction niya.

“Figure of speech ko lang ’yon, sister,” natatawang bawi nito. “Ano pala ang reaction niya nang malaman niyang you’re going out to lunch with another man?”

Sa sumunod na mga sandali ay ikinuwento ni Melinda ang nangyari mula nang umagang iyon.

“Galit na galit ba ’ika mo? Oh goodie, goodie,

goodie,” masayang hagikgik nito. “Mukhang effective ang strategy ko.”

“Effective? Paano magiging effective, eh, hindi pa naman nagbabago ang isip niya about accepting my conditions!” himutok niya.

“Huwag kang magmadali. Hindi pa naman tapos ang araw, eh. Teka nga pala, Melinda, isa pang rason kaya tumawag ako sa 'yo ay dahil kay Rex. Napapasyal ba siya sa unit mo? Ilang araw ko na kasing hindi nakikita, eh. Nag-aalala na ako.”

Si Rex ay Persian cat ng isang dating residente ng condominium. Nang mamatay ang matandang babae na nagmamay-ari rito nang nakaraang buwan ay nagtulong-tulong silang lahat na nakatira sa medium-rise condominium sa pag-aalaga rito.

Lahat naman sila ay tuwang-tuwa sa pusa dahil malambing ito, lalung-lalo na kapag gusto nito ng pagkain at ng matutulugan para sa araw na iyon.

Narinig niyang bumukas ang pinto ng opisina ni Tony, pero tumalikod na lamang siya at hindi na ito pinansin dahil hindi naman ito ang pinag-uusapan nila ni Annalee.

“Si Rex,” natatawa niyang sambit nang maalala ang pusa. “Naku, hindi na ako nag-aalala sa kumag

na 'yon. Babalik din naman 'yon kapag wala nang ibang makainan at matulugan. At ako naman, dahil malambot ang puso ko, eh, ibibigay ang lahat ng gusto niya.”

“Lahat naman tayo sa condominium, eh, baliw pagdating sa pusang 'yon,” pagsang-ayon ni Annalee. “Hindi ko nga maisip how we were before he came to our lives,” pahabol nito.

“Oo nga, eh,” pagsang-ayon ni Melinda. “Eto pa! Alam ko naman na binobola lang ako, pero naku! Kapag naglambing na sa akin, wala na akong magawa. Papasok sa kuwarto ko na para bang pag-aari niya 'yon, at ako naman, hindi ko matiis ang loko. Papayag naman ako na matulog pa sa tabi ko.

“Pero ang masakit, kinabukasan, pagkatapos mag-almusal, nagmamadali nang umalis. Pero wala tayong magagawa. Ganoon talaga si Rex. Take him or leave him, 'yon ang motto niya sa buhay.”

“Hmm... parang mga lalaki, 'no?” sarcastic na dugtong ni Annalee.

Biglang naramdaman ni Melinda na may mga matang titig na titig sa kanya sa likuran. Umikot siya at nakita si Tony, nakatitig sa kanya na para bang hindi siya nito kilala.

“Ah, Annalee, mamaya na lang tayo mag-usap. Mukhang may kailangan sa akin ang boss ko, eh.”

“Okay. See you tonight.”

“May problema ba?” nako-conscious niyang tanong sa amo.

“Hindi ako makapaniwala. Kung hindi ako mismo ang nakarinig, hindi ako maniniwala,” shocked na sabi ng lalaki, his eyes accusing.

Napakunot ang noo ng dalaga . “Ano ang hindi mo mapaniwalaan?”

Itinaas ni Tony ang dalawang kamay at isinuklay sa makapal na buhok. “My God, Melinda! Akala ko ikaw na ang pinakarisonable at praktikal na babae na nakilala ko. Alam mo ba kung gaano kadelikado ’yang ginagawa mo?” he asked in a disgusted voice.

“Bakit, ano ba ang ginagawa ko?” naguguluhan niyang tanong.

“Bakit pumapayag ka na tumabi na lang sa ’yo ang isang tulad ng Rex na sinasabi mo? Lalaking palipat-lipat sa iba’t ibang babae! Hindi mo ba naisip na maaari ka niyang bigyan ng sexually transmitted disease?” galit na asik nito.

“Si Rex?”

“Oo, si Rex! Siguro naman ay naaalala mo pa siya,” sarcastic nitong komento. “You were just talking about him over the phone,” pagpapaalala ng lalaki. “Ang hayop na si Rex...”

“Tama, hayop nga si Rex,” aniya. Magpapaliwanag pa sana si Melinda, pero hindi na niya napigilan ang sarili at halos gumulong siya sa katatawa.

“Sige, tumawa ka riyan nang tumawa. Tingnan natin kung tatawa ka pa rin kapag nagkasakit ka na,” singhal nito in a disgusted tone.

“Si Rex ay isang pusa,” sabi niya nang sa wakas ay makatigil na siya sa katatawa.

Bigla itong natigilan, napanganga. “Rex is a cat?”

Tumango siya. Pagkatapos ay humagalpak na naman ng tawa. Ilang sandali lang ay nakikitawa na rin ang lalaki.

Bumukas ang pinto at pumasok si Emma. Walang-imik na pinanood sila nito hanggang sa humupa ang kanilang pagtawa. “Ano ba’ng nangyayari sa inyong dalawa? Bakit panay ang tawa naman ninyo ngayon, samantalang kanina para kayong aso’t pusa?” nagtatakang tanong nito.

Nang marinig nila ni Tony ang salitang ‘pusa’

ay nagkatinginan sila, at naghagalpakan na naman silang dalawa ng tawa.

Bandang alas siete na ng gabi nang mag-unat si Melinda at mag-umpisang ligpitin ang kanyang mga trabaho bilang paghahanda sa pag-uwi.

Nang maiayos na ang mga gamit, tumayo siya para mag-iwan ng note sa table ni Emma na kanina pang alas cinco umuwi.

Dinampot niya ang kanyang shoulder bag at kumatok sa pinto ng office ni Tony. Hindi na niya hinintay ang sagot nito; itinulak niya ang pinto at pumasok sa loob.

She caught him in mid-stride, apparently ay naglalakad-lakad sa harap ng mahogany office table nito sa halip na nakaupo at nagtatrabaho gaya ng kanyang inaasahan.

“Tony, uuwi na ako.”

Humakbang ito palapit sa kanya. “Before you leave, I want to talk to you,” seryosong sabi nig lalaki, sabay hila sa kanya hanggang sa makaupo sila sa sofa roon.

Bigla siyang kinabahan, naisip na baka sasabihin

ng amo na tatanggapin na nito ang mga kondisyon niya.

“Gusto ko sanang mag-apologize sa mga ipinakita ko kanina sa ’yo,” anitong hawak ang kanyang kanang kamay.

“Okay, no need to apologize,” nakangiti niyang sagot, pilit na itinatago ang disappointment na bigla niyang naramdaman.

“It’s just that I saw red when you told me this morning na may ka-date kang iba samantalang brokenhearted ka pa rin sa ibang lalaki. I felt as if I don’t know you anymore. I never imagined that you are the type of woman who would go out with another man while still in love with another man.”

“Bobby is just a childhood friend.”

“Ganoon ba maghalikan ang childhood friends?” mainit na balik ng kausap.

Is that jealousy I can hear in his voice?

“Well, actually, niligawan niya ako noon, but I was never interested in him,” sagot ni Melinda. “Yong kiss na nakita mo, well, I was surprised about that myself. Hahalikan ko lang siya sa pisngi, pero biglang hinalikan niya ako sa lips. But you need not

worry about Bobby, he came home para ibenta na ang properties niya rito because he is staying in the U.S. for good after his wedding.”

“What about the man you are in love with? May posibilidad ba na magbago pa ang isip niya at yayain kang pakasal?” tanong nito in a serious tone.

Tinitigan niya si Tony. “I doubt it,” sagot niya matapos magbuntong-hininga.

Napangiti ito na para bang nabunutan ng tinik. “Good,” sabi ng lalaki with obvious satisfaction.

“What’s good about it?” naiinis niyang tanong.

“Good, dahil wala nang obstacles sa ating dalawa. I accept your conditions.”